
# PROJECT EASE

## ( Effective and Affordable Secondary Education )

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 5**

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
# Yunit I
# Modyul Blg. 5

# Lalaki Ako…Babae Ka

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nang isilang ka, ikaw ba ang pumili kung ano ang iyong magiging kasarian? Itinakda na iyan, wala ka nang magagawa. May dahilan ang Diyos kung bakit ka niya ginawang lalaki o bakit siya ginawang babae.

Sa pasimula pa lamang ay nilikha na ng Diyos ang lalaki at babe. Ayon sa Bibliya, si Adan ang unang lalaki at si Eba naman ang unang babae. May layunin ang Diyos sa pagkakalikha sa kanila na siyang pinagmulan ng sangkatauhan.

Malaki ang epekto sa pagpapaunlad ng pagkatao kung tanggap mo ang iyong itinakdang kasarian.

Pagkatapos mong tunghayan ang mga aralin sa modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Natutukoy ang mga pagbabagong pisikal, panlipunan at emosyonal na nagaganap sa isang kabataan
B. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtanggap sa itinakdang kasarian
C. Natutukoy ang mga paraan ng pagpapaunlad sa itinakdang kasarian

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka na Ba?

A. Isulat kung Tama o Mali ang bawat pahayag.

1. Ang sekswalidad ay ang kabuuang katauhan ng isang indibidwal. Ito rin ang pagkakaranas sa sarili kung ano ka bilang tao, lalaki man o babae.
2. Walang mahahalagang pagkakaiba ang lalaki at babae sa pisikal na istruktura.
3. Mahalagang tanggapin ang taglay na kasarian sa pansariling pag-unlad.
4. Ang babae at lalaki ay itinadhana ng Diyos na magkatuwang sa buhay.
5. Ang kasarian ay mahalagang aspeto ng sekswalidad.

B. Isulat kung para sa Lalaki o Babae ang inilalarawan sa bawat bilang.

1. Masalita at mahilig sa detalye
2. Magdala ng bata sa sinapupunan
3. May higit na lakas pisikal sa mga mabibigat na gawain
4. Higit na pabagu-bago ang isip
5. Hindi pabagu-bago ang isip

C. Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Mahalagang tanggapin ko ang itinakdang kasarian upang:
    a. may direksyon ang buhay mo
    b. matupad ko ang misyon ko ayon sa kalooban ng Diyos
    c. mapaunlad ko ang aking mga kakayahan
    d. malayo sa mga problema
2. Isang paraan ng pagpapaunlad ng sariling sekswalidad ang:
    a. magbasa ng mga makabuluhang magasin
    b. sumali sa mga laro o isports na magpapalakas ng katawan at isipan
    c. magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga kaibigan lalo na sa katapat na kasarian
    d. dumalo sa mga pagtitipon at kasayahan upang magkaroon ng maraming kaibigan
3. Ano ang isa sa katangian ng taong tinatanggap ang kanyang sekswalidad?
    a. Pagpapaunlad ng kanyang pagiging lalaki at babae
    b. Pagpapasalamat sa Diyos sa pagkakalikha sa kanya bilang lalaki o babae
    c. Pagganap ng kanyang tungkulin bilang lalaki o babae
    d. Pakikipagkaibigan sa katapat na kasarian

4. Nilikha ng Diyos ang lalaki at babae upang:
    a. maging kasama sa paglikha ng buhay sa daigdig.
    b. mas mapahalagahan nila ang isa't isa.
    c. may gagawa ng iba't ibang gawain.
    d. Punuin ng tao ang mundo.

5. Nagpaopera si Max upang mapalitan ang kanyang kasarian. Pinag-ipunan niya at pinaghandaan ang pagkakataong ito. Masaya siya nang unang mga taon subalit habang lumalaon ay nababawasan ang kanyang kasiyahan. Pinatutunayan ng sitwasyong ito na:
    a. Ang bagong teknolohiya ay nakatutulong sa pisikal na pagbabago ng isang tao.
    b. hindi matatamo ang kaligayahan kung hindi kikilos ayon sa iyong kalikasan at kasarian.
    c. wala sa panlabas na pagbabago ang pagkakamit ng kaganapan ng pagkatao.
    d. darating din ang panahon na pagsisisihan mo ang maling pasya

Nasiyahan ka ba sa mga sagot mo? Dumako ka naman ngayon sa mga gawain. Makatutulong ang mga ito upang higit mong maunawaan ang itinakdang kasarian sa iyo.

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Panuto: Sa loob ng larawan ng dalawang babae at dalawang lalaki sa mga parihaba, gawin ang mga sumusunod:

Sa una o ikatlong parihaba, ilarawan ang iyong mga kaisipan o pagkaunawa , damdamin at katangian bilang babae o lalaki.

Kapanayamin ang isang kaklase o kaibigan tungkol sa kanyang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian niya bilang babae o lalaki. Isulat ang sagot nila sa ikalawa at ikaapat na parihaba.



Ang aking kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian bilang babae ay ang mga sumusunod:

- Ang mga babae ay masipag sa gawaing bahay.
-
-
-
-
-
-
-



Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni ______________________________ bilang babae ay ang mga sumusunod:

-
-
-
-
-
-
-
-



Ang aking kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian bilang lalaki ay ang mga sumusunod:

- Ang lalaki ay matatag
-
-
-
-
-
-
-



Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni ______________________ bilang lalaki ay ang mga sumusunod:

-
-
-
-
-
-

## Sagutin Mo

1. Naibigan mo ba ang gawain? Bakit?
2. Anu-ano ang mga natutuhan mo sa gawain?
3. Bilang babae o lalaki, anu-ano ang mga katangian mo na maipagmamalaki mo sa iyong katapat na kasarian?
4. Tinatanggap mo ba na ikaw ay nilikha ng Diyos na babae o lalaki? Ipaliwanag.

Matapos mong sagutin ang unang gawain, marahil ay nauunawaan mo na kung bakit magkaiba ang kaisipan, damdamin at katangian ng lalaki at babae. Ngayon naman ay palawigin mo ang kaalaman ukol sa mga gawaing nakalaan sa lalaki at babae.

## Gawain Blg. 2

SABI NG SURVEY

Tanungin ang limang kaeskwela ukol sa mga sitwasyong binabanggit sa mga kahon sa ibaba. Ipabahagi ang kanilang saloobin o opinyon kung ano ang maaaring mangyari kung ang lahat ng nilikha ay pawang kababaihan o kalalakihan lamang. Isulat ang kanilang sagot sa iyong kuwaderno.

<table>
<tr><td colspan="2">Kung lahat ng nilikha ng Diyos ay...</td></tr>
<tr><td>Puro Lalaki<br>1. Hindi dadami ang tao<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td><td>Puro Babae<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Kung lahat ng miyembro ng pamilya mo ay...</td></tr>
<tr><td>Puro Lalaki<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td><td>Puro Babae<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Kung lahat ng mag-aaral sa paaralan mo ay...</td></tr>
<tr><td>Puro Lalaki<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td><td>Puro Babae<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Kung lahat ng pinuno sa pamahalaan ay...</td></tr>
<tr><td>Puro Lalaki<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td><td>Puro Babae<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td></tr>
</table>


| Kung lahat ng magiging kaibigan mo ay... | |
|---|---|
| Puro Lalaki<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | Puro Babae<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

### Sagutin Mo

1. Anu-ano ang mga natutuhan mo sa gawain?
2. Paano ipinakita sa survey ang kahinaan ng bawat pangkat, kung puro babae o lalaki lamang? Magbigay ng halimbawa.
3. Ipinakita ba sa survey ang kahalagahan ng pagtutulungan ng babae at lalaki? Ipaliwanag.
4. Ano ang layunin ng Diyos sa paglikha ng lalaki? Ng babae?
5. Bakit ginawa ng Diyos ang babae at lalaki?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Ayon sa tsart sa ibaba, bumuo ng konsepto ng mga natutuhan mo. Isulat sa kahon sa ibaba.




Ang konseptong aking natutuhan mula sa mga naging gawain at mula sa tsart sa itaas________________________.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

# V. Pagpapatibay

Ang sekswalidad ay ang kabuuang katauhan ng isang indibidwal o nilalang. Ito rin ang pagkakaranas sa sarili kung ano ka bilang tao, lalaki man o babae. Ang kasarian ay tumutukoy sa pagiging lalaki o babae.

Malaki ang impluwensiya ng sekswalidad ng tao, babae o lalaki man, sa pagkilala at lubusang pag-unawa ng sarili. May kinalaman ito sa paghahanap ng kahulugan niya bilang tao o ng kanyang true self. Anuman ang itinakdang kasarian, babae o lalaki ka man ay may mga natatanging gawain na nakaatang. Masasabi na may malaking kaugnayan ito sa pagkakamit ng kaganapan ng bawat indibidwal. Samakatuwid, parehong may kakayahan ang bawat babae at lalaki na maging kasama sa paglikha o *co-creator* ng buhay.

Tinawag ng Diyos ang tao upang magmahal at buong pusong maghandog sa pamamagitan ng pinagsanib na katawan at ispiritu (unity of body and soul) na taglay ng bawat isa. Ang katawan ng tao, kasama ang kanyang itinakdang kasarian—ang pagiging lalaki at pagiging babae, ay hindi lamang instrumento sa pagpaparami at pagtiyak ng pagpapatuloy ng bawat salinlahi, kundi ito rin ay daan sa pagpapahayag natin ng pagmamahal. Dahil dito, ang tao ay nagiging handog sa kanyang kapwa. Dito nabibigyang kaganapan ang kahulugan ng ating buhay at pagiging tao.

### Katangian ng mga Taong Tinatanggap ang Kanilang Sekswalidad

1. Tinatanggap nila at pinauunlad ang kanilang pagkababae o pagkalalaki. Ipinagmamalaki nila ito at hindi ikinahihiya.
2. Ginagampanan nila ang mga natatanging tungkulin na inaasahan sa kanila bilang babae o lalaki.
3. Iginagalang nila ang kasarian ng iba. Kinikilala nila ang prinsipyong magkatuwang ang babae at lalaki; hindi nila tinitingnan na mas mataas o mababa ang isang kasarian.
4. Nagpapasalamat sila sa Diyos sa pagkakalikha sa kanilang bilang lalaki o babae.

### Pagpapaunlad ng Sariling Sekswalidad/Kasarian

1. Tanggapin ang pagiging babae at lalaki. Alamin ang kahalagahan mo bilang babae o lalaki.
2. Magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga kaibigan, pareho man o katapat ang kasarian.
3. Magbasa ng mga makabuluhang magasin at manood ng mga palabas sa telebisyon o sine na may kinalaman sa iyong pagiging babae at lalaki.
4. Sumali sa mga laro o isports na magpapalakas ng iyong pangangatawan at kaisipan.

5. Higit sa lahat, isipin na ang Diyos ay may layunin kung bakit nalikha kang babae at lalaki. Igalang ang layunin ng pagkalikha ng Diyos sa iyo.

Ngayong natapos mo na ang lahat ng gawain at natuklasan ang kahalagahan ng sekswallidad, maaari mo nang sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa pangwakas na pagsusulit.

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Isulat kung Tama o Mali ang bawat pahayag.

1. Ang kasarian ay hindi mahalagang aspeto ng sekswalidad.
2. Ang babae at lalaki ay nararapat na magkatuwang sa buhay.
3. Ang lalaki ay may kakayahang magbigay buhay.
4. Ang babae ay may kakayahang makalikah ng buhay.
5. Walang mahahalagang pagkakaiba ang lalaki sa babae sa pisikal na istruktura.
6. Hindi mahalagang tanggapin ang kasarian.
7. Ang Diyos ay may layunin sa paglikha sa dalawang kasarian.
8. Ang pagkilala sa true self ay pagkilala at pagtanggap sa sariling kasarian.
9. Higit mong mauunawaan ang kapwa mo kung nauunawaan mo ang iyong kasarian.
10. Mapauunlad ang sekswalidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng positibong saloobin at pagtingin sa sariling pagkababae o pagkalalaki.

B. Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Mahalagang tanggapin ko ang itinakdang kasarian upang:
    a. may direksyon ang buhay mo
    b. matupad ko ang misyon ko ayon sa kalooban ng Diyos
    c. mapaunlad ko ang aking mga kakayahan
    d. malayo sa mga problema

2. Isang paraan ng pagpapaunlad ng sariling sekswalidad ang:
    a. magbasa ng mga makabuluhang magasin
    b. sumali sa mga laro o isports na magpapalakas ng katawan at isipan
    c. magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga kaibigan lalo na sa katapat na kasarian
    d. dumalo sa mga pagtitipon at kasayahan upang magkaroon ng maraming kaibigan

3. Ano ang isa sa katangian ng taong tinatanggap ang kanyang sekswalidad?
    a. Pagpapaunlad ng kanyang pagiging lalaki at babae
    b. Pagpapasalamat sa Diyos sa pagkakalikha sa kanya bilang lalaki o babae
    c. Pagganap ng kanyang tungkulin bilang lalaki o babae

d. Pakikipagkaibigan sa katapat na kasarian

4. Nilikha ng Diyos ang lalaki at babae upang:
   a. maging kasama sa paglikha ng buhay sa daigdig.
   b. mas mapahalagahan nila ang isa't isa.
   c. may gagawa ng iba't ibang gawain.
   d. Punuin ng tao ang mundo.

5. Nagpaopera si Max upang mapalitan ang kanyang kasarian. Pinag-ipunan niya at pinaghandaan ang pagkakataong ito. Masaya siya nang unang mga taon subalit habang lumalaon ay nababawasan ang kanyang kasiyahan. Pinatutunayan ng sitwasyong ito na:
   a. Ang bagong teknolohiya ay nakatutulong sa pisikal na pagbabago ng isang tao.
   b. hindi matatamo ang kaligayahan kung hindi kikilos ayon sa iyong kalikasan at kasarian.
   c. wala sa panlabas na pagbabago ang pagkakamit ng kaganapan ng pagkatao.
   d. darating din ang panahon na pagsisisihan mo ang maling pasya

## VIII. Mga Sanggunian


Punsalan, Twila G., et. al., 1999. *Buhay*. Manila: PNU

Pontifical Council for the Family. 1995. *The Truth and Meaning of Human Sexuality: Guidelines for Education Within the Family.* Makati City: Word and Life Publications.

Rice, Charles E. 1993. *50 Questions on the Natural Law: What It Is and Why We Need It.* San Francisco: Ignatius Press


Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

B.
6. Babae
7. Babae
8. Lalaki
9. Babae
10. Lalaki

C.
1. b
2. c
3. c
4. a
5. b

Gaano Ka Natuto?

| A | | B. |
|---|---|---|
| 1. Mali | 6. Mali | 1. b |
| 2. Tama | 7. Tama | 2. c |
| 3. Mali | 8. Tama | 3. c |
| 4. Mali | 9. Tama | 4. a |
| 5. Mali | 10. Tama | 5. b |